
*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN Daily Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **ELIZABETH B. CUDIAMAT** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 1 November 3, 2025 (Lunes)**<br>Oras / Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Yukimura<br>11:00 - 11:45 G9 Quisumbing<br>12:15 - 1:00 G9 Almeda | MARKAHAN | Ikatlo |

| | |
|---|---|
| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
| A. Layunin | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>- Nakikilala ang mga palatandaan ng makatarungang panlipunan<br>- Naipaliliwanag ang mga palatandaan ng isang makatarungang panlipunan<br>- Nakapagsusuri ng mga palatandaan ng makataraungang panlipunan. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa konsepto ng katarungang panlipunan |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Natutgunanng mag-aaral ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 9.1 Nakikilala ang mga palatandaan ng katarungang panlipunan **EsP9KP-IIIe-9.1** |
| E. Nilalaman | **Modyul 10: Katarungang Panlipunan sa Paggawa** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ **(TLE) – Nagbibigay ng praktikal na na karanasan sa Paggawa**<br>✔ **Araling Panlipunan (**AP) may kaugnayan sa mga konsepto, batasa at konteksto |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 140-155 | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman | Pagpakita ng larawan ng di-makatarungang sitwasyon at talakayin ang epekto nito. Bokabularyo: Katarungan, Pananagutan, Karapatan<br>1.Ano ang kahulugan ng katarungang panlipunan?<br>2. Bakit mahalaga ang pagiging makatarungan?<br>3. Ano ang epekto ng kawalan ng katarungan sa lipunan? |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | A.Gamit ang *power point presentation*, babasahin ng guro ang mga layunin ng aralin.<br>B. (*Picture Analysis)* Tingnan ang larawan at tukuyin ang nagpapakita ng isang makatarungang panlipunan |

Address: Lucsuhin, Calatagan, Batangas 4215
(043) 786 - 2060
301111@deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| |     <br>1. Ano-ano ang mga larawang nagpapakita ng palatandaan ng isang makatarungang panlipunan?<br>2. Paano mo masasabing ito ay palatandaan ng isang makatarungang panlipunan? |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | Mga Palatandaan ng Katarungang Panlipunan (Pangkatang Gawain)<br>Mula sa mga nabasa sa diyaryo, napanood sa telebisyon, *internet* at narinig sa radyo, ano ang iyong ideya tungkol sa "Katarungang Panlipunan" Magtala ng 5 gamit ang *bubble web*.<br> <br>1. Bakit mo itinuturing na palatandaan ng katarungang panlipunan ang mga isinulat mo sa *bubble web*?<br>2. Mula sa mga palatandaang isinulat, ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng katarungang panlipunan? |
| D. Paglalahat | Ang pagiging makatarungan ay umiiral sa dalawang magkapitbahay, magkaklase o magkaibigan.<br>Mahalagang tandaan na ang pangunahing prinsipyo ng katarungan ay ang paggalang sa karapatan ng bawat nilalang anumang ugnayan mayroon ka sa iyong kapwa. |
| E. . Karagdagang gawain para sa takdang aralin at *remediation* | Kumuha ng mga larawan o artikulo na nagpapakita ng paglabag sa katarungang panlipunan ng:<br>a. tagapamahala o namumuno<br>b. mamamayan o indibidwal |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | |
| A. Pagtataya | Punan ang tsart ng mga sitwasyong nagpapakita ng palatandaan ng:<br>A. Makatarungang Lipunan<br>1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5.<br>B. Di- Makatarungan Lipunan<br>1.<br>2.<br>3. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 4.<br>5. | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kanilang mga karapatan at tungkulin. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang mga karapatan at tungkulin bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda: Sinuri: Binigyang-pansin:

**ELIZABETH B. CUDIAMAT**
Guro I

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN Daily Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **ELIZABETH B. CUDIAMAT** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 1 November 4, 2025 (Martes)**<br>Oras / Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Yukimura<br>11:00 - 11:45 G9 Quisumbing<br>12:15 - 1:00 G9 Almeda | MARKAHAN | Ikalawa |

| | |
|---|---|
| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
| A.Layunin | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>- Naiisa-isa ang mga epekto ng kawalan ng katarungang panlipunan..<br>- Nakapagsusuri ng mga paglabag sa katarungang lipunan ng mga tagapamahala at mamamayan.<br>- Nakagagawa ng plano para sa pagiging makatarungang mamamayan. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa konsepto ng katarungang panlipunan |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Natutugunan ng mag-aaral ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 9.1 Nakikilala ang mga palatandaan ng katarungang panlipunan **EsP9KP-IIIe-9.1**<br>9.2 Nakapagsusuri ng mga paglabag sa Katarungang Panlipunan ng mga tagapamahala at mamamayan **EsP9KP-IIIe-9.2**<br>9.3 Napatyutunayan na may pananagutan ang bawat mamamayan na ibigay sa kapwaang nararapat sa kanya **EsP9KP-IIIe-9.1**<br>9.4 Natutugunanang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkaktaon **EsP9KP-IIIe-9.1** |
| E. Nilalaman | **Modyul 10: Katarungang Panlipunan sa Paggawa** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ **Filipino (FIL) Pagpapahayag ng sariling opinyon o mungkahi** tulad ng talumpati, sanaysay at spoken poetry, na may malinaw na koneksiyon sa paggamit ng wika bilang daluyan ng pagpapahalaga.<br>**Araling Panlipunan** (AP) Mga Batas at tungkulin ng mga mamamayan. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 87-97 | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman | Tumawag ng limang mag-aaral para magbahagi ng kanilang takdang aralin. (gawin ito sa loob ng 5 minuto) (Inquiry-Based Approach)<br>Mula sa mga tanong na;<br>1. Ano ang naramdaman mo?<br>2. Sang-ayon ka ba o hindi sa magulang mo? Bakit? Bakit hindi?<br>3. Ano ang nais mong sabihin sa magulang mo ukol dito?<br>4. Sumasang-ayon ka ba sa sinasabi ng iyong magulang? |

| | |
|---|---|
| | 5. Kung oo, gaano ka kalapit sa pagtupad sa hinihingi ng iyong magulang? |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng Aralin na;<br>1. Nasusuri ang mga batas na umiiral at panukala tungkol sa mga kabataan batay sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.<br>2. Nakapagpapahayag ng iba't ibang batas na umiiral sa loob ng tahanan.<br>3. Nakagagawa ng *poster* na nagpapahayag ng iba't ibang batas sa loob ng tahanan ayon sa resulta ng pakikipag-usap sa magulang. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | Bigyan ang bawat mag-aaral ng tig-iisang *bond paper*. Mula sa tatlong utos ng magulang, pumili ng isang pinakamahalaga. Gumawa ng *poster* at ipaskil ang *poster* sa paligid ng silid-aralan. Maglibot (*Gallery Walk)* at lagyan ng puso ang pinakagusto mong *poster*. **(gawin ito sa loob ng 10 minuto)** *(Reflective/Constructivist Approach)* Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanyang damdamin tungkol sa mga namalas na *poster*. Hayaang silang magbahagi batay sa mga katanungan. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** (*Constructivist/Reflective Approach)*<br>1. Ano ang iyong naging damdamin sa mga utos na nakapaskil?<br>2. Ano ang kaugnayan ng mga ito sa Likas na Batas Moral? |
| D. Paglalahat | Ang mga utos ng magulang ay itinuturing na batas sapagkat ito ay naglalayong mapanuto ang anak. Ang pagtupad sa mga ito ay nakapagdudulot ng saya sa parehong katauhan – ang magulang at ang anak. Wika nga sa Utos ng Diyos, ayon sa Simbahang Katolika: "Igalang mo ang iyong ama at ina." |
| E. . Karagdagang gawain para sa takdang aralin at *remediation* | 1.*https://www.youtube.com/watch?v=CTHaZxds7NA* na naglalaman ng bahaging Pagpapalalim upang magkaroon sila ng paunang impormasyon.<br>2.Humanap ng kopya ng Dekalogo ng Katipunan at kopyahin ito sa notbuk. |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | |
| A. Pagtataya | Sagutan ang sumusunod na katanungan.**(gawin sa loob ng 3 minuto)** (*Reflective Approach)* Sabihin kung ang pangungusap ay Tama o Mali.<br>1. Pangunahing dapat ituro sa maliit na bata ang wastong gawi sa paggamit ng banyo o *toilet*. *(Sagot: Tama)*<br>2. Ang pagyurak sa dignidad ng iba ay katulad din ng pag-ihi sa kung saan-saan ayon kay Beth Woolsey. *(Sagot: Tama)*<br>3. Kahit mali ang batas na pinaiiral ng magulang ay kailangang sundin para hindi sila magalit. *(Sagot: Mali)*<br>4. Ayon kay Beth Woolsey, kapag natuto ng wastong paggamit ng *toilet* ang isang bata, hindi niya katatakutan ang *comfort room*. *(Sagot: Mali)*<br>5. Tanging sa pagsunod natin sa ating magulang maipakikita ang paggalang sa kanila. *(Sagot:Mali)* |

| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang Obserbasyon | Epektibong Pamamaraan | Suliraning Naranasan o Ibang Usapin |
|---|---|---|---|
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kanilang mga karapatan at tungkulin. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang mga karapatan at tungkulin bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda:

**ELIZABETH B. CUDIAMAT**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| ARAWANG BANGHAY ARALIN Daily Lesson Plan (DLP) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **ELIZABETH B. CUDIAMAT** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 1 November 5, 2025 2025 (Miyerkules)**<br>Oras Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Yukimura<br>11:00 - 11:45 G9 Quisumbing<br>12:15 - 1:00 G9 Almeda | MARKAHAN | Ikalawa |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| A.Layunin | Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>□ **Naipaliliwanag** ang kahalagahan ng mga umiiral na batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral bilang gabay sa pagtugon sa pangangailangan ng tao at sa pagtataguyod ng kabutihang panlahat.<br>□ **Naipapahayag** ang sariling damdamin at pananaw ukol sa mga batas at panukala tungkol sa mga kabataan batay sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.<br>□ **Nakabubuo** ng isang **Concept Map** at **panukalang batas** para sa kabataan na nakabatay sa Likas na Batas Moral. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mga mag-aaral ng panukala sa isang batas na umiiral tungkol sa mga kabataan tungo sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Nahihinuha na ang pagsunod sa batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral (*Natural Law*), gumagarantiya sa pagtugon sa pangangailangan ng tao at umaayon sa dignidad ng tao at sa kung ano ang hinihingi ng tamang katuwiran, ay mahalaga upang makamit ang kabutihang panlahat. **EsP9TT-IId-6.3**<br>2. Nakapagpapahayag ng damdamin ukol sa mga batas na umiiral at panukala tungkol sa mga kabataan batay sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.<br>3. Nakabubuo ng konsepto ng aralin gamit ang *Concept Map.* |
| E. Nilalaman | **Modyul 9: Bolunterismo: Paglilingkod sa Kapwa at sa Diyos** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ **Filipino (FIL) Pagpapahayag ng sariling opinyon o mungkahi** tulad ng talumpati, sanaysay at spoken poetry, na may malinaw na koneksiyon sa paggamit ng wika bilang daluyan ng pagpapahalaga.<br>✔ **Araling Panlipunan (**AP) Mga Batas at tungkulin ng mga mamamayan. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 87-97 | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman | Tumawag ng 3-5 mag-aaral upang basahin ang kopya ng Dekalogo ng Katipunan.<br>Sagutan<br>1. Sa iyong palagay, ano ang naging batayan ng paglikha nito?<br>2. Alin sa mga probisyon nito ang patuloy na nasasalamin sa kasalukuyang panahon? **(gawin sa loob ng 5 minuto)** |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng Aralin na:<br>1. Nahihinuha na ang pagsunod sa batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral (*Natural Law*), gumagarantiya sa pagtugon sa pangangailangan ng tao anumaayon |

| | |
|---|---|
| | sa dignidad ng tao at sa kung ano ang hinihingi ng tamang katuwiran, ay mahalaga upang makamit ang kabutihang panlahat.<br>2. Nakapagpapahayag ng damdamin ukol sa mga batas na umiiral at panukala tungkol sa mga kabataan batay sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.<br>3. Nakabubuo ng konsepto ng aralin gamit ang C*oncept Map*. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | Sa bahaging ito Ipanood ang *video* na nai-*download* mula sa: *https://www.youtube.com/watch?v=CTHaZxds7NA* Ang bidyung ito ay tumatalakay sa bahaging Pagpapalalim ng aralin. Pagpapalalim. **(gawin ito sa loob ng 15 minuto)**(*Reflective Approach)*<br>**Pagpapalalim**<br>Narinig mo na ba ang prinsipyong *First Do No Harm* (*Primum non nocere*) ng mga manggagamot? Sinasabi nitong ang unang layunin ng mga manggagamot ay hindi makapagdulot ng higit pang sakit. Negatibo man ang pagkakasabi at hindi positibo gaya ng "magbigay lunas," positibo ang nais sabihin nito: laging may pagnanais na makapagpagaling at iiwasan ang lahat ng makapagpapalala ng sakit o makasasama sa pasyente.<br>Mapapatanong ka siguro kung bakit kailangan pa itong sabihin. Hindi ba't kaya nga pinili ng mga doktor ang ganitong larangan dahil sa pagnanais na makapanggamot? Walang doktor ang magbibigay ng payong medikal na ikasasama lamang ng kondisyon ng pasyente. Walang doktor ang papasok sa operasyon nang hindi handa. Laging ang nasa isip nila ay ang makagaling ng pasyente.<br>Magkagayon man, may nasaksihan ka na rin marahil na mga paglala ng mga sakit dahil sa maling mga reseta ng doktor. May mga kaso rin ng kamatayan dahil sa mga maling *prognosis*. Nilabag na nga ba ng mga doktor ang kanilang sinumpaang tungkulin dahil sa mga pangyayaring ito?<br>Paniwala ng pilosopong si Sto. Tomas de Aquino, lahat ng tao ay may kakayahang mag isip. at makaunawa. Lahat ng tao ay may kakayahang makaunawa sa kabutihan. Para sa pilosopong si Max Scheler, ang pag-alam sa kabutihang ito ay hindi lamang gumagalaw sa larangan ng pag-iisip kundi sa larangan din ng pakiramdam. Ninanasa ng tao ang mabuti; hindi ang masama. Walang sinuman ang magnanais na mapasama siya. Kahit na tinatamad akong mag aral, alam kong mabuti ang mag-aral. Kahit na natatakot akong magpatingin sa doktor, alam kong mabuting gawin ito upang makita ang kalagayan ng aking kalusugan. Kahit gustong-gusto kong kunin ang *cellphone* ng kapatid ko, alam kong masama ito.<br>Paano ko nalaman kung ano ang mabuti at ano ang masama? Tinuro sa atin ng ating mga magulang. Nakuha natin sa mga kapitbahay. Napanood sa telebisyon. Nabasa. Narinig. Ang nakamamangha rito ay sa dami ng ating mga narinig, sa dami ng ating nalaman, may maliit na tinig pa rin ng kasiguraduhan sa ating loob na nagsasabi sa atin kung ano ang mabuti. Nararamdaman ko ang mabuti. Nararamdaman ko ang tama kahit na kung minsan ay parang sinasabi ng isip ko na mali ito. At sa kilos ng pakiramdam ko kung ano ang dapat kong gawin, napapanatag ako at natatahimik kapag sinunod ko ang tinig na ito.<br>Konsensya ba ito? Diyos ba ito? Takot ba ito sa aking magulang? *Pressure* mula sa mga kaibigan? Tukso ng *media*? Isa ang totoo: naaakit ako sa alam kong mabuti.<br>**Ang Mabuti**<br>Pansinin na hindi pa talaga natin pinag-uusapan dito kung ano ang mabuti. Sinasabi lang na may natural na pagkaakit ang tao sa mabuti. Ang mabuti ang laging pakay at layon ng tao. Ang isip at puso ang gabay para kilatisin kung ano talaga ang mabuti. May matinong pag-iisip, pagsusuri, pagtitimbang at paglilinis sa mga motibasyon ang kasabay ng pagkilala sa mabuti. Mabuti bang tumulong sa gawaing bahay? Mabuti bang tumambay kasama ng barkada? Mabuti bang uminom ng alak? Ang tanungin ang tanong na "Mabuti ba?" bago pa gawin ang isang bagay ay tanda na ng pagsisikap na laging kumilos paghahangad na matupad ang mabuti. Ang mabuti ay ang siyang kilos ng masikap na tungo sa pagbubuo at ugnayan. Hindi agad pagpapalago ng sarili at ng mga agad lumulusong sa paggawa nang walang pagtitimpi at pagmumuni sa kabutihan ng gagawin. Nakatatakot at delikado ang taong agad may sagot at hindi nag-iisip dahil malamang, ang ginagawa niya ay piliin lamang ang pinakakawili-wili sa kanya. Ang nag-iisip ay namimilipit pa sa pagpili at kung mapaninindigan ba niya ang mga bungang kanyang kakaharapin. Sa pinakapayak na paliwanag, ang mabuti ay pagsisikap na laging kumilos tungo sa pagbubuo at pagpapalago ng sarili at ng mga ugnayan. Tulad ng doktor, maaaring magkamali siya sa *diagnosis* at *prognosis* ng sakit ng pasyente. Ang pinakamahalaga ay ang paghahangad na makagaling at hindi makapagdulot ng sakit ang ginawa. Sapat na ito upang tawaging mabuti.<br>**May Tama ka!**<br>Ngunit sapat na nga ba talaga ang paghahangad sa mabuti at pagkilos sa inaakalang mabuti? Paano kung ang inaakalang mabuti ay nakasasakit o makasisira lamang? Mahirap ang paniniwala na sapat na ang mabuting intensiyon para kilalaning mabuti ang gawain. Gusto kong pakainin ang aking pamilya kaya magnanakaw ako. Gusto kong manalo sa palaro kaya dadayain ko ang edad ng mga kasamahan ko sa *team*. Gusto kong kumita nang malaki kaya mamanipulahin ko ang timbangan ng tinda namin sa palengke. Kabutihan ang hinahangad ng mga nabanggit sa itaas. Kaya lamang, kailangang maunawaang: hindi maaaring ihiwalay ang |

mabuti sa tama. Maaari bang sabihin ng ama sa kanyang mga anak na, "Magpasalamat kayo sa ninakawan ko, may nakakain kayo ngayon." O ng ale sa kanyang suki, "Suki, pasensya ka na, babawasan kita ng isang guhit dahil may hinuhulugan pa akong alahas"? Maibabalik ba ng isang tao ang buhay ng kapwa kung sa maling desisyon niya ay naging dahilan ito ng kamatayan ng kaibigan? Sapat na ba ang sabihing, "Mabuti ang aking hangarin?"

Iba ang mabuti sa tama. Ang mabuti ay ang mga bagay na tutulong sa pagkabuo ng sarili. Ang tama ay ang pagpili ng mabuti batay sa panahon, kasaysayan, konteksto at sitwasyon. Tinitingnan dito ang mga pangangailangan at kakayahan ng gagawa ng pagpili. Kung nakikita ni Ramil na makabubuti sa kanya ang isports, hindi lang siya basta-basta sasabak sa laro. Kailangan niyang tingnan ang kanyang kakayahan bago siya magsimulang magboksing. Kung nais nang magpakasal ni Estella at Ruben, kailangan nilang siguraduhing handa na ang kanilang loob para sa kanilang kinabukasan bilang mag-asawa—ang bahay, ang pambayad ng kuryente, ng tubig, pagkain at iba pa. Mabuti ang mag-asawa, tama na ba ito agad? Kahit sa gamot, mabuti ang uminom ng gamot. Ngunit marapat ding tingnan ng doktor ang kakayahan ng pasyente na bumili ng gamot at ang mga partikular na reaksiyon ng pasyente sa bisa ng gamot na ibibigay. Mabuti ang gamot, ngunit may tamang gamot para sa tao. May ibang gamot na nagdudulot ng mga *allergies* sa mga partikular na tao. May mga gamot na hindi mabisa sa mga ibang tao. Ganito ang prinsipyo ng *generics*. Ang pasyente na ang bahalang humanap ng hihiyang sa kanya batay sa reseta ng doktor. Tulad din sa Likas na Batas Moral, preskripsyon ang mabuti, ang tama ay ang angkop sa tao.

**Ang Kaisa-isang Batas**

Wala bang mabuti na tama para sa lahat? Sa kayamanan ng sansinukob at karupukan ng ating kakayahang umalam, napakahirap humanap ng isang tama na sasang-ayunan ng lahat. Iba iba ang kultura, relihiyon, paniniwala. Iba-iba ang mga layunin, iba-iba ang mga pamamaraan. Maaaring magkasundo-sundo ang nagkakaiba-ibang tao sa mabuti, ngunit babalik pa rin sa iba't ibang paraan ng pagtupad sa mabuti. Walang isang porma ng tama ang mabuti. Mag-aanyo ito ayon sa kondisyon at hinihingi ng pagkakataon.

Wala nga ba? May liwanag ng karunungan yata tayong maaninag sa sinusumpaan ng mga doktor: *First Do No Harm.* Anumang kalagayan kasadlakan ng tao, isa ang babalikan natin: ang huwag manakit. Nagsasalubungan ang mabuti at tama sa prinsipyo ng pag-iwas sa pananakit sa tao. Na ang pinakamahalaga at pinakamabuting dapat gawin ay ingatan ang tao. Na iba-iba man ang pormula ng likas na batas moral, tinuturo nito ay isa lamang. Na ituturing ko bilang may pinakamataas na halaga ang tao. Na gagawin ko ang lahat upang ingatan at payabungin ang tao, hindi ko kakasangkapanin ang tao.

Likas sa tao ang hangarin ang mabuti. Ano ang ibig sabihin nito? Na likas sa atin na ang lumabag dito ay lumalabag din sa sarili niyang kalikasan maging makatao (panig sa tao): ito ang kaisa-isang batas na hindi dapat labagin ninuman.

**Pag-aangkop**

Dito nga nakaangkla ang Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao (*Universal Declaration of Human Rights*) ng mga Nagkakaisang Bansa (*United Nations*). Hindi ito nilikha o inimbento o pinagsang-ayunan lamang ng mga bansa dahil magandang pakinggan na kunwari may dignidad ang tao! Talagang nakikita nila, mula sa iba't ibang mukha ng mga tao sa iba't ibang sulok ng mundo, na mahalagang ingatan ang dangal ng tao. Matinding kinokondena ng pahayag ang anumang uri ng paniniil at paglalapastangan sa tao. Naniniwala silang ang pag-unlad ng isang bansa at ng mundo ay magmumula sa pagkilala sa pantay na mga karapatan. Ang pagbibigay ng kalayaang isakatuparan ang mga pagnanais nila ang siyang makapagpapatibay sa mithiing ito ng kaunlaran at kapayapaan.

Ang bawat estado (*state*) rin ay nagsisikap iangkop sa kani-kanilang mga kultura ang pagkilala sa karapatang pantao. Ipinapahayag nila sa kanilang konstitusyon ang mga karapatan ng bawat mamamayan at ang paggarantiya ng estado na bigyang proteksyon ang mga karapatang ito. Ang mga batas naman na nililikha ng pamahalaan ay mga mekanismo at pamamaraan upang isakongkreto ang unibersal at pangkalahatang pagpapahalaga sa tao. Kaya may batas laban sa pananakit at pang-aabuso sa mga bata dahil tao ang mga bata. Kaya may batas na magbibigay ng *budget* sa edukasyon dahil kailangang mahubog ang pag-iisip at karakter ng mga tao. Kaya may batas na magtatalaga ng pinuno ng bayan (eleksiyon) dahil mahalaga ang boses ng lahat ng tao sa pagpapatakbo ng kolektibong kasaysayan. Ang lahat ng batas ay para sa tao, hindi ang kabaligtaran nito.

**Likas na Batas Moral: Batayan ng mga Batas ng Tao**

Nagtagumpay na ba ang mga bansa na tupdin ang pagpapahalagang ito? Isang proseso ang pagtupad sa mabuti. Hindi laging tama. Madalas pa nga ay nagkukulang ang mga estado sa pagtallma sa tawag ng mabuti. Dala na rin ito ng napakaraming mga tinig at mukha na kailangan lahat pakinggan at tingnan. Hindi perpekto ang mga batas. Subalit, muli, babalik tayo sa depinsiyon ng mabuti – sapat na ang laging pagtingin sa kabutihan at ang pagsisikap na matupad ito.

Kung ang buhay sana ay tulad ng *cellphone* na may kasamang *instruction manual*, madali na sana ang lahat. Kung ang katawan ay may *instruction manual*, madali na

| | |
|---|---|
| | sana sa doktor ang makatiyak sa gamot, nutrisyon at pag-aalagang mabisa sa lahat. Sa kasamaang palad, walang *instruction manual* ang tao at ang mundo. Ang Likas na Batas Moral ay hindi *instruction manual.* Hindi ito isang malinaw na utos kung ano ang gagawin ng tao sa iba't ibang pagkakataon. Gabay lamang ito upang makita ang halaga ng tao. Ang konstitusyon at mga batas din ay hindi *instruction manual.* Naisatitik ng mga ito ang anumang makatutulong sa pagpapayabong ng tao. Mga gabay din lamang na natutunan sa karanasan ng mga tao sa pagdaan ng panahon. Malayo sa pagiging absolutong batas para sa pag-unlad at kaayusan ng lipunan.<br>Matutupad ba natin ang Likas na Batas Moral sa ating bayan? Isang simpleng sagot: habang may nakatingin sa mabuti—nagtataka, nagtatanong—tiyak na hahakbang tayo papalapit sa mabuti.<br>Ano ang pinakaunang hakbang? *First do no harm* |
| D. Paglalahat | Ang isip at puso ang gabay para kilatisin kung ano talaga ang mabuti. Iba ang mabuti sa tama. Ang mabuti ay ang pagtungo lagi sa pagkakabuo ng sarili. Ang tama ay ang pagpili ng mabuti batay sa panahon, kasaysayan, konteksto at sitwasyon. Tinitingnan dito ang mga pangangailangan at kakayahan ng gagawa ng pagpili.<br>Ang pag-alam sa kabutihan ay hindi lamang gumagalaw sa larangan ng pag-iisip kundi sa larangan din ng pakiramdam. Iba-iba man ang pormula ng Likas na Batas Moral, ang itinuturo nito ay isa lamang: Hindi ko kakasangkapanin ang tao. Ituturing ko bilang may pinakamataas na halaga ang tao. Gagawin ko ang lahat upang ingatan at payabungin ang tao. Hindi perpekto ang mga batas. Subalit, muli ay babalik tayo sa depinisiyon ng mabuti – sapat na ang laging pagtingin sa kabutihan at ang pagsisikap na matupad ito. Ang Likas na Batas Moral ay hindi *instruction manual.* Hindi ito isang malinaw na utos kung ano ang gagawin ng tao sa iba't ibang pagkakataon. Gabay lamang ito upang makita ang halaga ng tao. |
| E. Karagdagang gawain para sa takdang aralin at remediation | A.Atasan ang mga mag-aaral na gawin ang Gawain 5 sa bahaging Pagninilay bilang takdang aralin.<br>B.Magdala ng mga sipi ng batas na umiiral sa inyong komunidad at sa kasalukuyan ay aktibong ipinatutupad upang maging batayan ng gawain sa susunod na pagkikita.<br>Panuto: Sumulat ng isang pagninilay gamit ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa iyong notbuk. |

| Ano-ano ang konsepto at kaalamang pumukaw sa akin? | Ano ang aking pagkaunawa at reyalisasyon sa bawat konsepto at kaalamang ito? | Ano-anong hakbang ang aking gagawin upang mailapat ang mga pang-unawa at reyalisasyong ito sa aking buhay? |
|---|---|---|
| | | |

**IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO**

| | |
|---|---|
| A. Pagtataya | Tukuyin ang isinasaad ng pangungusap sa bawat bilang sa ibaba. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa notbuk. **(gawin sa loob ng 5 minuto)** *(Reflective Approach)*<br>**Beth Woolsey** ***United Nations*** **Batas Sibil** **<u>Tomas ng Aquino</u>** **<u>Max Scheler</u>** **<u>Batas Moral</u>**<br>1. Sino ang may-akda ng isang sanaysay na pinamagatang *"15 Rules for Peeing: A Primer for Kids"? (Sagot: Beth Woolsey)*<br>2. Anong samahan ang nagtakda ng *Universal Declaration of Human Rights?(Sagot: United Nations)*<br>3. Anong uri ng batas ang *1987 Philippine Constitution?(Sagot: Batas Sibil)*<br>4. Kaninong aral ang nagsasaad na ninanasa ng tao ang mabuti; hindi ang masama? *(Sagot: Sto. Tomas ng Aquino)*<br>5. Sino ang nagwikang ang lahat ng tao ay may kakayahang mag-isip? *(Sagot: Max Scheler)* |

B. Pagbuo ng Anotasyon

| Itala ang Obserbasyon | Epektibong Pamamaraan | Suliraning Naranasan o Ibang Usapin |
|---|---|---|
| Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kanilang mga karapatan at tungkulin. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang mga karapatan at tungkulin bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda:

**ELIZABETH B. CUDIAMAT**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I,

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN Daily Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **ELIZABETH B. CUDIAMAT** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 1 November 6, 2025 (Huwebes)**<br>Oras Klase<br>8:45 - 9:30 G9 Yukimura<br>11:00 - 11:45 G9 Quisumbing<br>12:15 - 1:00 G9 Almeda | MARKAHAN | Ikalawa |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| A.Layunin | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>✔ Natutukoy at nasusuri ng mga mag-aaral ang mga umiiral na batas na may kaugnayan sa kabataan kung ito ba ay nakabatay sa Likas na Batas Moral.<br>✔ Naipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin (pagsang-ayon o pagtutol) sa isang umiiral na batas nang may respeto sa pananaw ng iba.<br>✔ Nakagagawa ang mga mag-aaral ng isang simpleng **panukalang batas para sa kabataan** na nakaayon sa Likas na Batas Moral. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mga mag-aaral ng panukala sa isang batas na umiiral tungkol sa mga kabataan tungo sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Naipahahayag ang pagsang-ayon o pagtutol sa isang batas na umiiral batay sa pagtugon nito sa kabutihang panlahat. **EsP9TT-IId-6.4**<br>2. Nakapagpapahayag ng saloobin hinggil sa isang batas na umiiral.<br>3. Nakagagawa ng isang panukalang batas. |
| E. Nilalaman | **Modyul 9: Bolunterismo: Paglilingkod sa Kapwa at sa Diyos** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ **Filipino (FIL) Pagpapahayag ng sariling opinyon o mungkahi** tulad ng talumpati, sanaysay at spoken poetry, na may malinaw na koneksiyon sa paggamit ng wika bilang daluyan ng pagpapahalaga.<br>✔ **Araling Panlipunan** (AP) Mga Batas at tungkulin ng mga mamamayan. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* Modyul Para sa mag-aaral pahina 87-97 | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman | Alamin kung anong mga sipi ng batayang batas ang kanilang dala. **(gawin sa loob ng 3 minuto)** *(Reflective Approach)* |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng Aralin na;<br>1. Naipahahayag ang pagsang-ayon o pagtutol sa isang batas na umiiral batay sa pagtugon nito sa kabutihang panlahat. |

| | |
|---|---|
| | 2. Nakapagpapahayag ng saloobin hinggil sa isang batas na umiiral.<br>3. Nakagagawa ng isang panukalang batas. |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | |
| D. Paglalahat | Ang batas ay ginawa ng tao para sa tao at hindi ang tao para sa batas. Mahalagang nauunawan natin ang bawat salik ng batas at ang mga saligang pinagmulan kung papaano nabuo ang mga ito. Araw-araw ay may mga batas tayong tinututulan at mas marami ang mga batas na higit nating kinagigiliwan dahil sa hatid nitong kabutihan. Ngayon ay higit nating pahahalagahan ang mabuti at ang tama, ang naaayon sa batas at makabubuti sa lahat. |
| E. Karagdagang gawain para sa takdang aralin at *remediation* | Magsagawa ng interbyu sa mga kakilala at nag-aaral sa ibang paaralan tungkol sa mga alituntunin o batas na pinaiiral sa kanilang paaralan. Suriin kung makabubuti ba ito kapag ginawa sa ating paaralan. Isulat sa notbuk. Ibahagi sa klase ang iyong natuklasan. |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | |
| A. Pagtataya | Muling pasagutan ang Paunang Pagtataya.<br>Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot sa bawat bilang. Isulat ang mga sagot sa iyong notbuk.<br>1.Ang mga batas ng lipunan ay nilikha upang _______________.<br>a.Protektahan ang mayayaman at may kapangyarihan. c. Itaguyod ang karapatang-pantao<br>b.Ingatan ang interes ng marami. d. Pigilan ang masasamang tao<br>2.Ang likas na batas moral ay _______________.<br>a. Nilikha ni Tomas ng Aquino c. Inimbento ng mga pilosopo.<br>b. Nauunawaan ng tao. d. Galing sa Diyos.<br>3.Ang mabuti ay _______________.<br>a.Paggawang tama. c. Pagbuo sa sarili.<br>b.Pagsunod sa batas. d. Pagsunod sa Diyos.<br>4.Sinasabi nating ang mabuti ay _______________.<br>a.Laging tama. c.Minsan tama.<br>b.Iba-iba sa tao. d. pare-paeho sa tao<br>5.Alin sa mga sumusunod ang hindi ayon sa Likas na Batas Moral?<br>a.Pagkaltas sa *SSS, PAG-IBIG*, at buwis sa mga manggagawa. C. Pangungulit sa bata na maligo.<br>b.Pag-utos sa mga magiging ina na regular na magpatingin sa doktor. D. Pagpilit sa mga tao na magsimba.<br>Tamanag Sagot;<br>1.A 2. D 3. D 4. A 5. A |

| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang Obserbasyon | Epektibong Pamamaraan | Suliraning Naranasan o Ibang Usapin |
|---|---|---|---|
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang mga karapatan at tungkulin. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang mga karapatan at tungkulin bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan | |

Inihanda:

**ELIZABETH B. CUDIAMAT**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP

*Reference: DepEd Order No. 42 s. 2016*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ARAWANG BANGHAY ARALIN Daily Lesson Plan (DLP)** | PAARALAN | LUCSUHIN NATIONAL HIGH SCHOOL | ANTAS NG BAITANG | Baitang 9 |
| | PANGALAN NG GURO | **ELIZABETH B. CUDIAMAT** | ASIGNATURA | EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 9 |
| | YUGTO AT PETSA | **Linggo: 1 November 7, 2025 ( Biyernes)**<br>Oras — Klase<br>8:45 - 9:30 — G9 Yukimura<br>11:00 - 11:45 — G9 Quisumbing<br>12:15 - 1:00 — G9 Almeda | MARKAHAN | Ikalawa |

| | |
|---|---|
| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
| A.Layunin | Sa pagtatapos ng Aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>✔ Naipapaliwanag ng mag-aaral ang kahulugan ng Likas na Batas Moral at ang kaugnayan nito sa mga umiiral na batas para sa kabataan.<br>✔ Naipapakita ang malasakit at positibong saloobin sa pagbabahagi ng sariling batas na magtataguyod ng kapakanan ng mga kabataan.<br>✔ Nakagagawa ng maikling kapsyon o poster na nagpapaliwanag kung paano nakauugnay ang kanilang batas sa Likas na Batas Moral at sa kabutihang panlahat. |
| B. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga batas na nakabatay sa Likas na Batas Moral. |
| C. Pamantayan sa Pagganap | Nakabubuo ang mga mag-aaral ng panukala sa isang batas na umiiral tungkol sa mga kabataan tungo sa pagsunod nito sa Likas na Batas Moral.. |
| D. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto | 1. Naipahahayag ang pagsang-ayon o pagtutol sa isang batas na umiiral batay sa pagtugon nito sa kabutihang panlahat. **EsP9TT-IId-6.4**<br>2. Nakapagpapahayag ng saloobin hinggil sa isang batas na umiiral.<br>3. Nakagagawa ng isang panukalang batas. |
| E. Nilalaman | **Modyul 9: Bolunterismo: Paglilingkod sa Kapwa at sa Diyos** |
| F. Integrasyon | **Pag-uugnay sa Ibang Asignatura:**<br>✔ **Filipino (FIL) Pagpapahayag ng sariling opinyon o mungkahi** tulad ng talumpati, sanaysay at spoken poetry, na may malinaw na koneksiyon sa paggamit ng wika bilang daluyan ng pagpapahalaga.<br>✔ **Araling Panlipunan** (AP) Mga Batas at tungkulin ng mga mamamayan. |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | |
| *Pagpapakatao 9 Batayang Aklat sa Pagpapapkatao* | |
| **III. MGA HAKBANG S APAGTUTURO AT PAGKATUTO** | |
| A. Pagkuha ng Dating Kaalaman | Sa *nakaraang aralin, natalakay natin ang tungkol sa Likas na Batas Moral. Ano ang ibig sabihin nito? Maaari bang magbigay ng halimbawa ng isang gawain o kilos na nagpapakita ng pagsunod sa Likas na Batas Moral?* |
| B. Paglalahad ng Layunin ng Aralin | Layunin ng aralin na;<br>Naipapaliwanag ng mag-aaral ang kahulugan ng Likas na Batas Moral at ang kaugnayan nito sa mga umiiral na batas para sa kabataan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Naipapakita ang malasakit at positibong saloobin sa pagbabahagi ng sariling batas na magtataguyod ng kapakanan ng mga kabataan.<br>Nakagagawa ng maikling kapsyon o poster na nagpapaliwanag kung paano nakauugnay ang kanilang batas sa Likas na Batas Moral at sa kabutihang panlahat. | | |
| C. Paglinang at Pagpapalalim | **Pagsusuri ng Umiiral na Batas**<br>Ihambing ang sariling batas ng mag-aaral sa umiiral na batas sa Pilipinas para sa kabataan (hal. RA 7610, RA 10630).<br>Talakayin kung paano ito nakatutulong sa kabutihang panlahat at sumasalamin sa Likas na Batas Moral.<br>Kung ipapatupad ang batas na ginawa mo, paano makakatulong ito sa iyong sarili, sa pamilya, at sa pamayanan?" | | |
| D. Paglalahat | Ang **Likas na Batas Moral** ay nagsisilbing gabay upang makilala ang tama at mali. Ang mga batas para sa kabataan ay dapat nakaayon dito upang mapangalagaan ang kanilang dignidad, karapatan, at kapakanan. Sa pamamagitan ng paggawa ng sariling panukalang batas, naipapakita ng bawat kabataan ang kanilang kakayahan na mag-ambag para sa kabutihang panlahat. | | |
| E. Karagdagang gawain para sa takdang aralin at remediation | **Paghahanda para sa darating na maikling pagsusulit** | | |
| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | | | |
| A. Pagtataya | **Gawain para sa RBB Gumuhit ng larawan na maya kaugnayan sa Likas na Batas Moral**<br>**"Sariling Batas, Sariling Guhit"**<br>**Panuto:**<br>Isipin at iguhit ang isang **batas** na sa tingin mo ay dapat ipatupad para sa mga kabataan sa Batangas. Ipaliwanag sa isang pangungusap kung paano ito nakaayon sa **Likas na Batas Moral**.<br>Lagyan na maikling kapsyon sa pamamamgitan ng pagsagot sa mga tanong na;<br>1. Ano ang iyong ginuhit na batas para sa mga kabataan sa Batangas?<br>2. Bakit mahalaga ang batas na ito?<br>3. Paano ito makatutulong sa kabutihang panlahat at nakaayon sa Likas na Batas Moral | | |
| B. Pagbuo ng Anotasyon | **Itala ang Obserbasyon** | **Epektibong Pamamaraan** | **Suliraning Naranasan o Ibang Usapin** |
| | Istratehiya | Nahihikayat ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.<br>Nalilinang ang malikhaing pag-iisip sa pag-uugnay ng mga ideya.<br>Naikokonekta ng mag-aaral ang teorya sa tunay na buhay.<br>Napapalalim ang pagtutulungan at paggalang sa opinyon ng iba. | |
| | Kagamitan | Aklat,laptop, powerpoint presesntation | |
| | Pakikilahok | Ang mag-aaral ay nakikilahok sa klase sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng guro at pagbibigay ng sariling opinyon. Aktibo rin siyang gumagawa ng mga gawain sa loob ng grupo at tumutulong sa paglalahad ng resulta ng kanilang group activity. Bukod dito, ipinakikita rin niya ang pakikinig at pagtugon sa mga ideya ng kanyang mga kamag-aral. | |
| | Iba pa | | |
| C. Pagninilay | Pamantayan o pamamaraan sa Pagtuturo | Ginagamit ng guro ang mga angkop na estratehiya upang mas maunawan ng mga mag-aaral ang kanilang mga karapatan at tungkulin. | |
| | Kakayahan ng mga Mag-aaral | Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magpahayag ng sariling opinyon, makipagtulungan sa gawain ng grupo, at mag-ugnay ng konsepto sa tunay na buhay. Naipakikita nila ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at malikhaing pagpapahayag. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Inaasahang Pagbabago | Inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kanilang mga karapatan at tungkulin bilang isang mamamayang Pilipino. Mapaunlad nila ang kanilang kaalaman at maipakita ang pagiging makabayan |

Inihanda:

**ELIZABETH B. CUDIAMAT**
Guro I

Sinuri:

**JUANITO P. HOMBREBUENO**
Dalubguro I, EsP

Binigyang-pansin:

**ELENOR A. PANTOJA**
Ulongguro I, EsP